Republika ng Pilipinasas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-9 NA KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-01 NG SETYEMBRE, 2022.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 20-2022**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGPAPALIT NG PANGALAN MULA SENIOR HIGH SCHOOL IN MALOLOS CITY PATUNGONG CITY OF MALOLOS SENIOR HIGH SCHOOL (CMSHS) NA MATATAGPUAN SA BAHAGI NG BARANGAY GUINHAWA, LUNGSOD NG MALOLOS ALINSUNOD SA ITINATAGUBILIN NG KAGAWARAN NG EDUKASYON-DIBISYON NG MALOLOS.**

**AKDA NI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
**KAMAY-AKDA SINA: KGG. DENNIS D. SAN DIEGO AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o' mas taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang pagkakaloob ng dekalidad na antas ng edukasyon sa mga kabataan nito at pagpapalakas ng sistemang umiiral patungkol sa edukasyon at paglinang sa kakayahang intelekwal, pisikal at emosyonal ng mga kabataang Malolenyo;

**SAPAGKAT,** kinikilala ng estado alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 13, artikulo 2 ng 1987 Saligang Batas ng Pilipinas ang mahalagang gampanin ng kabataan sa paghubog at pagpapaunlad ng bansa kung kaya't gampanin ng estado na siguraduhin ang pagpapalakas ng sektor na ito;

**SAPAGKAT,** ang City of Malolos Senior High School ay isang institusyong naghahandog ng libreng edukasyong Senior High School na umiiral sa Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** nais ng Kagawaran ng Edukasyon at ng Pamahalaang Lungsod na ito ay maging bukod o' nagsasariling paaralang Senior High School na tatawagin bilang City of Malolos Senior High School, alinsunod sa itinatagubilin ng D.O. No. 51 S. 2015;

**SAPAGKAT,** kinakailangang magkaroon ng sariling pagkakakilanlan ang nasabing paaralan upang makapagsarili at bahagi ng rekositos para sa pagkakaloob ng kaukulang pondo buhat sa Pamahalaang Nasyonal;

**SAPAGKAT,** malaking tulong ito upang maisakatuparan ang nasabing hakbangin ng City of Malolos Senior High School;

DAHIL DITO, ay itinatadhana ng Sangguniang Panlungsod ang mga sumusunod, na may bisa ng batas na;

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO** KASANGGUNI | **KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III** KASANGGUNI | **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA** KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO** KASANGGUNI | **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO** KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO KASANGGUNI

--------------------------------x

**SEKSYON 1.** - Ang pangalan mula Senior High School in Malolos City ay pinapalitan patungong City of Malolos Senior High School (CMSHS) na matatagpuan sa bahagi ng Barangay Guinhawa, Lungsod ng Malolos alinsunod sa itinatagubilin ng Kagawaran ng Edukasyon-Dibisyon ng Malolos.

**SEKSYON 2.** - Inaatasan ang City Information Office (CIO) na ipagbigay-alam ang nilalaman ng Kautusang Panlungsod na ito sa mga ahensiya ng Pamahalaang Nasyunal at Lokal.

**SEKSYON 3. - Sugnay ng Paghihiwalay** - Ang anumang umiiral na kautusan, alituntunin o' patakaran na hindi sumasang-ayonb sa mga probisyon ng kautusang ito ay idinideklarang wala nang bisa o' ganap na pinawawalang bisa o' saysay ng kautusang ito.

**SEKSYON 4. - Kabisaan** - Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos na pagtibayin ng Sangguniang Panlungsod.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
Sept. 02.2022
**Petsa ng Pagtitibay:**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
**Punong Lungsod**

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*09012022